NSW FIRE BRIGADES

PANGKALAHATANG PAGBABAWAL NG APOY SA NSW

Fact Sheet 6-Community Risk Management. Revised 1/11/2005

MGA KATOTOHANAN

Ang sunog sa mga palumpong ay mas malamang na kumalat at maging sanhi ng pinsala sa mga araw na ang panahon ay napakainit, tuyot at mahangin. Ang sunog sa mga araw na ganito ay napakatindi at napakasidhi. Ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy ay ipinapahayag sa ganitong mga araw upang mabawasan ang panganib at pinsala na dulot ng sunog sa pagkasira ng buhay, ari-arian at ng kapaligiran.

Ano ang 'Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy'?

Bawal magsindi ng apoy sa labas sa panahon na ipanahayag ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy. Ang lisensiya sa paggamit ng apoy ay walang bisa sa panahon ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy. Sakop sa pagbabawal ang mga insinerador at barbekyuhan na sumusunog ng buo at matigas na panggatong tulad ng kahoy at uling.

Maaari kayong gumamit ng gas o barbekyuhang de-koryente, kung ….

- Ito ay nasa ari-ariang pamahayan at sa loob ng 20 metro ng bahay o tirahan
- Ito ay nasa lugar ng piknikan at ang kasangkapan ay pinahintulutan ng konseho, mga Liwasang Pambansa o ng Pang-estadong mga Kagubatan
- Ito ay nasa pamamahala ng isang taong may sapat na gulang
- Ang paligid sa loob ng 2 metro ng barbekyuhan ay malinis sa mga materyales na maaaring masunog
- Mayroong malapit at patuloy na panustos ng tubig na makukuha

Kailan Ipinapahayag ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy?

Para sa kaligtasan ng publiko, ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy ay ipinapahayag sa mga araw na malamang na ang sunog ay kumalat at mahirap nang pigilin. Ang malubhang pinsala ng sunog ay dala ng paghahalo ng tuyot na halaman at mainit, tuyo at mahanging panahon.

Ang Kawanihan ng Panahon ay nagbibigay ng payo hinggil sa kalagayan ng panahon at uri ng mga panganib ng sunog sa Panahon ng Panganib ng Sunog sa mga Palumpong.

Ang Komisyunado ng Panlalawigang Serbisyo sa Sunog ng NSW ay nagpapahayag ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Sunog sa ganitong payo at iba pang mga impormasyon. Ang desisyon ay kadalasang ginagawa humigit-kumulang sa ika-lima ng bawat hapon sa Panahon ng Panganib ng Sunog sa mga Palumpong at ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy ay nagkakabisa kinabukasan, simula sa hatinggabi at tumatagal nang 24 oras.

Ang Komisyunado ay may pananagutan din sa mga iksemsiyon sa Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy. May hanay ng mga gawain na maaaring hindi masakop ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy, tulad ng mga pangkagipitang trabahong impraistruktura o mga seremonyang kinakailangang gumamit ng apoy. Ang lahat ng mga ito ay nakadetalye sa opisyal na peryodiko ng Pamahalaang NSW sa bawa't panahon na ang pagbabawal ay ipinapahayag. Ang mga iksemsiyong binabanggit sa peryodiko ay maaari ring makuha sa website ng Komisyonado, www.rfs.nsw.gov.au.

Papaano Malalaman Kung Saan at Kailan Ipinahayag ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy?

Alamin ang inyong Purok Pangsunog sa NSW sa pamamagitan ng paggamit ng mapa na kasama nitong talaan ng tunay na mga pangyayari. Ang Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy ay ipinapahayag sa mga Purok Pangsunog sa NSW, kasama rin nito ang bilang ng mga Lugar ng Pamahalaang Lokal na may katulad na panahon, lupain at mga isyung may kinalaman sa pamamahala ng sunog. Maaari ninyong malaman kung kayo ay sakop ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa 1800 NSW RFS (1 800 679 737), isang libreng numero na kabilang ang mga impormasyon sa Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy sa kabuuang estado ng NSW.
- Pagsiyasat sa website ng Komisyunado tungkol sa Pangkasalukuyang Panganib sa Sunog at Pangkahalahatang Pagbabawal ng Apoy, www.rfs.nsw.gov.au
- Siyasatin ang ulat sa panahon sa radyo, telebisyon at mga peryodiko
- Pagtawag sa lokal na Sentro ng Pagkontrol sa Sunog sa oras ng trabaho
- Pagtawag sa inyong lokal na Istasyon at Brigadang Pangsunog sa NSW.

Isang pagtutulungan ng mga Brigadang Pangsunog ng NSW at ng Panlalawigang Serbisyong Pangsunog ng NSW

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TAWAGAN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYONG PANGSUNOG O SENTRO SA PAMAMAHALA NG SUNOG o bumisita sa: www.fire.nsw.gov.au **o** www.rfs.nsw.gov.au

Ano ang mga Purok Pangsunog sa NSW?

Simula noong Agosto 2004, isang bagong paraan ang ginagamit sa pagpapahayag ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy at paghahatid ng impormasyon tungkol sa panahon. Ang mga pahayag ay dating nakabatay sa mga Sinasabing Lagay ng Panahon ng mga Distrito ng Kawanihan ng Panahon. Ngayon, ang mga pahayag ay ayon sa Purok Pangsunog ng NSW. Ang mga Purok Pangsunog na ito ay maliliit at batay sa mga hangganan ng mga pamahalaang lokal. Nangangahulugan na ang mga impormasyon tungkol sa panahon at mga Pangkalahatang Pagbawal ng Apoy ay mas partikular sa kalagayang lokal. Alamin ang inyong Purok Pangsunog sa NSW sa pamamagitan ng paggamit ng mapa na kasama nitong talaan ng tunay na mga pangyayari.

Mga Multa at Parusa

Ang pagsindi ng apoy sa araw ng Pangkalahatang Pagbabawal ng Apoy ay mauuwi sa multang aabot hanggang $5,500 at/o 12 buwan sa kulungan. Ang mga parusa sa sunog na kumalat at puminsala o nanira ng buhay, ari-arian at kapaligiran ay may mas malaking multa at mahabang panahon sa kulungan na umaabot sa $1000,000 at/o 14 na taon sa kulungan. Maaari ring magsampa ng dimanda-sibil laban sa mga taong may pananagutan sa sunog upang makakuha ng kabayaran sa mga napinsala.

SA ISANG KAGIPITAN TUMAWAG SA 000